Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Pangako ng Diyos Kay Abraham

Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus
Ibinagay nila: M. Maillot at Tammy S.
Isinalin ni: Dulia Penalber
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2013 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.


Matapos ang malaking baha, ang mga tao sa mundo ay nagbalak. "Gumawa tayo ng isang malaking siyudad na mayroong mataas na tore abot ang langit," sabi nila.
"Magkaisa tayo at magkaroon ng isang wika."


Ngunit ang gusto ng Diyos ay manirahan ang mga tao sa iba't ibang lugar sa mundo. Kaya't ang bawat lipon ng mga tao ay nagkaroon ng kanya kanyang wika. Binigyan sila ng Diyos ng mga bagong wika.

Ang mga taong may iisang wika ay nagsama-sama.
Ang mga taong may ibang wika ay lumipat sa ibang lugar.

Sa ganitong paraan, pinangyari ng Panginoon na manirahan ang mga tao sa iba't ibang bansa. Ang lungsod na kanilang iniwanan ay tinawag na Babel, ang ibig sabihin ay "kaguluhan."

Dumaan ang mga taon, sa bayan na tinatawag na Ur ng Kaldes, ang Diyos ay nagsalita sa isang lalaki na ang pangalan ay Abram. "Umalis ka sa lugar na ito," ang utos ng Diyos. "Pumunta ka sa lugar na ituturo ko sa iyo."



Sumunod sa utos si Abram. Pinangunahan siya ng Diyos patungong Kanaan. Ang kanyang asawa na si Sarai at ang kanyang pamangkin na lalaki na si Lot ay sumunod sa kanya.



Sa Kanaan, si Abram at si Lot ay naging mayaman. Ngunit sa dami at laki ng kanilang mga alagang hayop, ang kanilang pastulan ay hindi na naging sapat.

Ang mga tagapagalaga ng kawan ni Lot at ni Abram ay nagkagalitan. “Hindi dapat magkagulo”, Ang sabi ni Abram. “Maghiwalay tayo. Lot, ikaw ang unang pumili sa gusto mong lupa.”

Pinili ni Lot ang malaki at malapad na patag na may mga lungsod at mga nayon. Magandang tingnan ang pinili niya. Ngunit ang mga lungsod ay maraming masama at makasalanang tao.



Nang nakaalis na si Lot, nagsalita muli ang Diyos kay Abram. "Ibibigay ko ang lupa ng Kanaan sa iyo at sa magiging lahi mo magpakailanman." Ngunit walang anak si
Abram at Sarai. Paano ito mangyayari?

Isang araw, tatlong lalaki na sugo ng Diyos ang bumisita sa tahanan ni Abram at Sarai. "Magkakaroon ka ng sanggol na lalaki," ang sabi ng tatlong lalaki. Si Sarai ay tumawa.



Hindi siya naniwala sa balita ng Diyos. Siya ay 90 taon na. Sinabi ng Diyos na papalitan ang kanyang pangalang Abram ng Abraham {"pinuring ama"} at si Sarai ay magiging Sara {"prinsesa"}.

Sinabi din ng Diyos kay Abraham na Kanyang sisirain ang lungsod ng Sodom at Gomora. Si Lot ay naninirahan sa Sodom kasama ang kanyang pamilya.

Naniwala si Lot sa
babala ng Diyos.
Ngunit ang kanyang
mga manugang
ay ayaw umalis
ng Sodom.
Nakakalungkot!
Hindi sila
naniwala sa
Salita ng Diyos.

Si Lot lamang at ang kanyang mga anak na babae ang nakaligtas. Umulan ng apoy at asupre sa lungsod ng Sodom at Gomora.



Ngunit ang asawa ni Lot ay hindi sumunod sa Diyos. Sa kanyang pagtakbo, siya'y lumingon muli sa siyudad. Kaya't siya ay naging isang haliging asin.



Tinupad ng Diyos ang kanyang pangako kay Abraham at Sara. Nagkaroon sila ng sanggol na lalaki sa kanilang katandaan, ayun sa sinabi ng Diyos. Tuwang tuwa sila nang isinilang si Isaak!


Marahil inisip
din ni Abraham ang
pangako ng Diyos
sa kanya na siya at
ang kanyang lahi ay
bibigyan ng buong
lupain sa Kanaan.
na walang
hangganan.

Tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako. Ang Diyos ay tapat sa lahat ng Kanyang mga pangako.

Ang Pangako ng Diyos Kay Abraham

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 11-21

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16